

Persepsyon at pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino bilang wikang panturo

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Daga, Alvin A.

Eastern Samar State University – Guiuan Campus, Philippines (dagaalvin2000@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 7 July 2026
Available Online: 23 July 2026

Revised: 20 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26341

Accepted: 21 July 2026

Abstract

This study aimed to examine the perception and level of acceptance of Social Studies pre-service educators toward Filipino as a medium of instruction, as well as the relationship between these two variables. A descriptive-quantitative design was employed, involving 224 students from Eastern Samar State University – Guiuan Campus. Data were gathered through a questionnaire using a Likert Scale to measure their views and attitudes toward the use of Filipino in listening, speaking, reading, and writing. Findings revealed that the overall perception of the participants toward Filipino obtained a mean of 4.73 with a standard deviation of 0.12, interpreted as Highly Recognized. This indicates a strong acknowledgment of Filipino as an integral tool for learning. Meanwhile, the overall acceptance of Filipino as a medium of instruction recorded a mean of 4.59 with a standard deviation of 0.20, interpreted as Highly Accepted. Acceptance was highest in the affective dimension, followed by cognitive, socio-cultural, and pedagogical contexts. Furthermore, results showed a weak positive correlation ($r = .201$) between perception and acceptance, yet statistically highly significant ($p\text{-value} = .002$). This means that as students' positive perception of Filipino increases, their acceptance also rises, although the relationship is not strong. Overall, the study confirms that students' positive attitudes toward Filipino significantly influence their acceptance of it as a medium of instruction in Social Studies. This highlights the crucial role of Filipino in shaping knowledge, identity, and culture within the academic context, and calls for deeper discourse on strengthening its use in higher education.

Keywords: perception, acceptance, medium of instruction, social studies, Filipino

Persepsyon at pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino bilang wikang panturo

1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang persepsyon at antas ng pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan sa Filipino bilang wikang panturo, gayundin ang ugnayan ng dalawang salik na ito. Gumamit ng deskriptib-kwantitatibong disenyo ang pananaliksik na nilahukan ng 224 na mag-aaral mula sa Eastern Samar State University – Guiuan Campus. Sa pamamagitan ng talatanungan na may Likert Scale, nakalap ang datos hinggil sa kanilang pananaw at saloobin sa paggamit ng Filipino sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat. Batay sa resulta, ang kabuuang persepsyon ng mga kalahok sa Filipino ay nagkamit ng mean na 4.73 at standard deviation na 0.12, na may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinapakita nito na masidhi ang pagkilala sa Filipino bilang integral na kasangkapan ng pagkatuto. Samantala, ang kabuuang pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo ay nakakuha ng mean na 4.59 at standard deviation na 0.20, na may interpretasyong Lubos na Tinatanggap. Pinakamataas ang pagtanggap sa apektibong dimensyon, kasunod ang kognitibo, sosyokultural, at pedagogikal. Dagdag pa rito, lumitaw na may mahinang positibong korelasyon ($r = .201$) sa pagitan ng persepsyon at pagtanggap, subalit ito ay napakahalaga ($p\text{-value} = .002$). Ibig sabihin, habang tumataas ang positibong pananaw sa Filipino, may kaukulang pagtaas din sa antas ng pagtanggap, bagama't hindi malakas ang ugnayan. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang positibong saloobin ng mga mag-aaral sa Filipino ay may mahalagang impluwensya sa kanilang pagtanggap dito bilang wikang panturo sa Araling Panlipunan, na nagbubukas ng mas malalim na diskurso sa pagpapatibay ng Filipino bilang daluyan ng kaalaman, identidad, at kultura sa akademikong konteksto.

Mga susing salita: persepsyon, pagtanggap, wikang panturo, Araling Panlipunan, Filipino

2. Introduksiyon

Sa kasalukuyan, ang wika ay pundamental na salik sa paghubog ng komunikasyon, kultura, at pagkakakilanlan ng isang global na pamayanan (Pal, 2026). Ang pag-aaral nito ay nagtataguyod ng inklusibong kalidad ng edukasyon na ika-apat sa labing-pitong *Sustainable Development Goals* ng *United Nations* (2026) sapagkat ang wika ang pangunahing midyum ng pagkatuto at pakikipag-ugnayan sa loob ng silid-aralan (Advocates for International Development, 2022; United Nations Department of Economic and Social Affairs, 2026). Ito ang pangunahing daluyan ng ugnayan ng tao sa kanyang kapwa at sa mas malawak na istruktura ng lipunan. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ang mga kaisipan, paniniwala, damdamin, at karanasan na kalaunan ay nagiging bahagi ng kolektibong kamalayan ng isang komunidad. Higit pa rito, ang wika ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan ng komunikasyon na sumasalamín sa kaalaman ng tao, sa halip na lumikha ng mismong kaalaman, at nagbibigay-daan sa mas malinaw na pag-unawa kaysa sa masalimuot na proseso ng pag-iisip (Jain, 2023; Huenda et al., 2026).

Ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi nagsisilbing salamin ng kasaysayan, tradisyon, at kultural na pagpapahalaga ng isang bansa. Ito ang nagtataguyod ng pagkakaisa sa lipunan sapagkat sa pamamagitan nito nahuhubog ang pag-unawa at pakikipagtalastasan sa iba't ibang larangan gaya ng edukasyon, politika, ekonomiya, at relihiyon. Dahil dito, hindi maihihiwalay ang wika sa identidad ng isang bayan sapagkat ito ang pundasyon ng pambansang kamalayan at kolektibong pagkilos ng mamamayan (Manivannan, 2024). Maituturing din ang wika bilang pinakamahalagang imbensyon ng sangkatauhan, na nagbibigay-daan sa pagbabahagi ng mga mapanlikhang kaisipan at sa pagpapaunlad ng ugnayang panlipunan sa loob ng mga pamayanan (Siddique, 2026). Gayunpaman, maaari rin itong magbunga ng hidwaan at pagtaas ng tensyon sa pagitan ng iba't ibang grupo ng tao (Fabbro et al., 2022).

Ayon sa Atlantic International University (2025), ang wika ay mahalaga sapagkat ito ang daluyan ng ating iniisip, damdamin, layunin, at pagkakakilanlan. Sa pamamagitan nito, naipapasa ang kaalaman, naitatala ang kasaysayan, napapanatili ang pamana ng kultura, at naipaplano ang hinaharap. Hindi lamang ito umiiral sa anyo ng tunog kundi nakikita rin sa mga simbolo, kilos, at maging sa mga kodigo ng makina na nag-uugnay sa mga tao sa iba't ibang panig ng mundo (Capraro, 2026). Sa ganitong paraan, ang wika ay nagiging proseso ng paglikha ng kahulugan ng realidad at pagbabahagi nito sa kapwa, na siyang nagtatangi sa tao mula sa ibang nilalang at nagbigay-daan sa pag-unlad ng agham, pilosopiya, panitikan, politika, at sining (Harkness, 2025).

Sa kasalukuyan, ang wika ay nagsisilbing makapangyarihang paraan ng pagkokonekta ng mga tao sa kabila ng hangganan (Combong, 2025). Ito ay nagpapalakas ng kooperasyon, nagtataguyod ng interkultural na diyalog, at nagiging pundasyon ng pandaigdigang kaunlarang pang-ekonomiya (Bhasin, 2025). Habang nagiging mas bukas ang mga hangganan at mas maraming tao ang nagkakaugnay sa digital na espasyo, ang kakayahang matuto at gumamit ng maraming wika ay nagiging mahalaga. Ang wika ay humuhubog sa kultura at lipunan, sapagkat ito ay nagiging tagapagdala ng mga pagpapahalaga, paniniwala, at gawi na naipapasa sa bawat henerasyon. Sa ganitong paraan, ang kolektibong “katotohanan” na nabubuo sa pamamagitan ng wika ay nakaaapekto sa kung paano nag-iisip ang mga tao, nakikilahok sa lipunan, at nakabubuo ng kanilang pagkakakilanlan bilang kasapi ng pamilya, klase, bansa, at iba pang grupong panlipunan (Stanford University, 2019).

Sa sipat ni Robins at Britannica Editors (2026), ang wika at pagkakaiba-iba sa lipunan ay may mahalagang papel sa paghubog ng mga pangkat panlipunan at propesyonal. Ang mga baryasyon sa loob ng isang wika—tulad ng diyalekto, estilo ng komunikasyon, at paraan ng pagpapahayag—nagiging batayan ng pagkakaiba ng mga tao ayon sa kanilang katayuang panlipunan at hanapbuhay. Sa proseso ng transmisyon ng wika, ang mga bata ay karaniwang natututo ng dayalekto at estilo ng komunikasyon ng kanilang pamilya at komunidad, kasabay ng mga kaugalian at saloobin na katangian ng grupong iyon. Ito ay isang halos awtomatikong proseso ng akulturasyon, kung saan ang wika ay nagiging kasangkapan sa pagpapanatili ng pagkakaiba ng mga pangkat sa lipunan. Gayunpaman, ang kahalagahan ng wika bilang manipistasyon ng status at hierarchy ay hindi nawawala sa mga taong nagnanais ng pag-angat sa lipunang may estrukturang nakabatay sa antas. Sa ganitong paraan, ang wika ay hindi lamang nagsisilbing daluyan ng komunikasyon kundi nagiging mekanismo rin ng pagkakaiba at pagkakaisa, na humuhubog sa dinamika ng lipunan at sa mga oportunidad ng bawat indibidwal.

Samantala, ang wikang Filipino ay dumaan sa mahahalagang yugto ng kasaysayan bago tuluyang kinilala bilang pambansang wika. Mula sa kolonyalismo hanggang sa kalayaan, naging sentral ang usapin ng wika sa pagbubuo ng pambansang identidad at soberanya. Pinagtibay ng 1935 Konstitusyon ang tungkulin ng pamahalaan na paunlarin ang wikang pambansa mula sa mga katutubong wika, na nagpatunay sa kahalagahan nito bilang saligan ng pagkakaisa. Muling binigyang-diin ng 1987 Konstitusyon na ang Filipino ay dapat patuloy na linangin batay sa umiiral na mga wika ng bansa, na nagpapakita ng inklusibong katangian nito at kakayahang umangkop sa nagbabagong pangangailangan ng lipunan. Kaugnay nito, itinatag ang Komisyon sa Wikang Filipino sa pamamagitan ng Batas Republika Blg. 7104 (1991) upang pamahalaan ang pagpapaunlad, pagpapayaman, at modernisasyon ng Filipino. Layunin ng KWF na palaganapin ang Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at wika ng edukasyon, agham, at teknolohiya. Sa pamamagitan ng mga patakarang pangwika at programang pang-edukasyon, itinataguyod ang paglinang ng kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral. Sa kabila nito, nananatiling hamon ang dominasyon ng Ingles na nakaugat sa historikal, sosyo-politikal, at pang-ekonomiyang impluwensiya. Ang mataas na prestihiyo ng Ingles ay madalas na inuugnay sa edukasyon, propesyonalismo, at oportunidad sa trabaho, na nagdudulot ng patuloy na tensyon sa pagitan ng pambansang wika at pandaigdigang pangangailangan.

Ayon kina Garcia et al. (2022), ang paggamit ng Filipino sa pagkatuto ay mahalaga sapagkat mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin kapag ito ang ginagamit. Sa tulong ng wikang pamilyar sa kanila, nagiging mas malinaw at makabuluhan ang talakayan, at mas nagiging matibay ang ugnayan sa pagitan ng guro at estudyante. Bukod dito, nahuhubog ang kamalayang makabansa at ang pagkakakilanlan bilang Pilipino, kaya nararapat lamang na patuloy itong gamitin at pagyamanin sa edukasyon. Samakatuwid, ang paggamit ng Filipino

bilang midyum ng pagtuturo ay nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa sa wika ng mga mag-aaral. Kapag Filipino ang gamit sa klase, mas madali nilang nasasaklaw ang mga konsepto at mas nakikilahok sila sa talakayan. Nakikita rin ang mas aktibong pagbabahagi ng ideya, bagama't may mga hamon gaya ng kakulangan sa materyales at kahandaan ng guro (Lamorinas et al., 2025). Ngunit dagdag nina Dicang at Molina (2023), nananatiling malaki ang benepisyo ng paggamit ng Filipino dahil nakaugat ito sa karanasan at kultura ng mga mag-aaral. Ang pamilyaridad sa wika ay nagtataguyod ng tiwala sa sarili at mas aktibong partisipasyon sa silid-aralan. Ang positibong pananaw ng guro at estudyante sa paggamit ng Filipino ay nakaaapekto nang malaki sa tagumpay ng pagkatuto. Kapag maganda ang kanilang saloobin, nagiging mas maayos ang daloy ng komunikasyon, mas epektibo ang pagtuturo, at mas makabuluhan ang koneksyon sa aralin.

Kaugnay ng patuloy na pagbabago sa polisiya ng wika sa edukasyon, mahalagang banggitin ang desisyon ng Department of Education na tanggalin ang obligadong paggamit ng Mother Tongue bilang wikang panturo sa mababang baitang at ibalik ang Filipino at English bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa K–3 simula sa taong panuruan 2025–2026. Ayon sa ulat Hernando-Malipot (2025) ng *Manila Bulletin*, layunin ng pagbabagong ito na gawing mas episyente ang proseso ng pagkatuto at tugunan ang mga hamon sa implementasyon ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE). Ang naturang polisiya ay nagpapakita ng patuloy na diskurso hinggil sa papel ng Filipino sa sistemang pang-edukasyon, at lalo nitong binibigyang-diin ang pangangailangan ng mga mag-aaral na susuri sa persepsyon at pagtanggap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang wikang panturo, partikular sa larangan ng Araling Panlipunan.

Sa larangan ng edukasyon, ang wika ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi pangunahing kasangkapan sa paghubog ng kaalaman at pag-unawa. Sa Pilipinas, ang Filipino bilang wikang panturo ay matagal nang bahagi ng pambansang patakaran upang palakasin ang identidad at pagpapahalagang kultural ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatiling hamon ang pagtukoy kung paano ito tinatanggap ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan, isang disiplina na nakaugat sa kasaysayan, politika, at lipunan. Ang pag-aaral na ito ay bago sapagkat ito ang unang nagbigay ng empirikal na pagsusuri sa ugnayan ng persepsyon at antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang wikang panturo sa Araling Panlipunan. Sa ganitong paraan, natutugunan ang puwang sa literatura hinggil sa partikular na disiplina at nag-aambag sa mas malalim na pag-unawa sa papel ng Filipino sa intelektwalisasyon ng edukasyon.

Paglalahad ng Suliranin – Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa persepsyon at pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan hinggil sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo. Nilalayon sa pag-aaral na ito na mabigyang-tugon ang sumusunod na mga katanungan: 1. Ano ang persepsyon ng mga nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino? 2. Ano ang antas ng pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo sa Araling Panlipunan? 3. Mayroon bang kaugnayan ang persepsyon ng mga nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino sa antas ng pagtanggap nito bilang wikang panturo sa Araling Panlipunan? At, 4. Anong mga mungkahi ang maibibigay upang mas lalong malinang ang kasanayan ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan sa paggamit ng wikang Filipino?

Teoretikal na Balangkas ng Pag-aaral – Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Teoryang Sosyokultural ni Lev Vygotsky (Chen, 2025) at sa Teorya ng Saloobin sa Wika, ayon kina Kircher at Zipp (2022), na tumatalakay sa ugnayan ng wika, kultura, at persepsyon ng tao. Ayon sa Teoryang Sosyokultural, ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi pangunahing mekanismo ng pagkatuto at paghubog ng identidad, sapagkat sa pamamagitan nito ay naipapasa ang kaalaman, pagpapahalaga, at karanasan ng isang pamayanan. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng Teorya ng Saloobin sa Wika na ang saloobin at pagtanggap ng mga indibidwal sa isang wika ay nakaaapekto sa kanilang antas ng partisipasyon at pagganap sa akademikong larangan. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang persepsyon at pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan sa Filipino bilang wikang panturo ay masusuri bilang bahagi ng mas malawak na proseso ng sosyo-kultural na interaksyon, kung saan ang wika ay nagiging salamin ng pambansang identidad at kasangkapan sa pagkakaisa ng lipunan. Sa gayon, ang teoretikal na balangkas ay nakatuon sa pag-unawa kung paanong ang wika, bilang daluyan ng kaalaman at kultura, ay nakaaapekto sa pananaw, pagtanggap, at akademikong karanasan ng mga mag-aaral sa larangan ng

3. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik – Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-kwantitatibong disenyo, na angkop sa pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng persepsyon at pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan hinggil sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo. Ang disenyo ay pinili sapagkat ito nagbigay-daan sa mas sistematikong pagsusuri ng datos at sa paglalantad ng mga kaayusan ng pananaw at saloobin ng mga kalahok (Creswell, 2009). Sa halip na magtutuon lamang sa paglalarawan ng penomenon, ang pag-aaral ay magsusuri sa pag-uugnay ng mga salik na makaaapekto sa pagtanggap ng wika sa konteksto ng edukasyon. Sa pamamagitan nito, ang pananaliksik ay makatutukoy kung ano ang antas ng kaugnayan ng persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng pagtanggap sa Filipino bilang midyum ng pagkatuto, na hindi lubos na maipapakita sa pamamagitan ng paglalarawan lamang ng karanasan.

Kalahok ng Pananaliksik – Ang mga pangunahing kalahok sa pag-aaral na ito ay ang 224 na indibidwal na binubuo ng mga mag-aaral na nasa una hanggang ika-apat na taon ng Batsilyer ng Elementaryang Edukasyon (BEED) at Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon (BSED), dalubhasa sa Araling Panlipunan mula sa Guiuan Campus ng Eastern Samar State University para sa unang semestre ng akademikong taon 2026-2027. Sila ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling upang matiyak na ang bawat isa ay magkakaroon ng tuwirang kaugnayan sa layunin ng pananaliksik, partikular sa pagsusuri ng kanilang persepsyon at pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo. Ang mga kalahok ay nagkaroon ng sapat na kakayahang lingguwistiko at kognitibo upang maipahayag ang kanilang saloobin, opinyon, at karanasan hinggil sa paggamit ng Filipino sa loob ng kanilang mga pangunahing kurso. Itinuturing na mahalaga ang antas na ito ng mga mag-aaral sapagkat sila ay nakakaranas ng pormal na pagtuturo ng Filipino sa loob ng mahabang panahon, kasabay ng kanilang pagiging bukas sa paggamit ng Ingles at iba pang wika sa akademikong konteksto. Sa ganitong paraan, sila ay nagkakaroon ng balanseng karanasan sa pormal at impormal na paggamit ng wika, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pagsusuri ng epekto ng Filipino bilang wikang panturo sa kanilang akademikong pagganap at sikolohikal na pananaw. Sa pamamagitan ng purposive sampling, ang mga kalahok ay siniguro na may sapat na kaalaman at karanasan upang makapagbigay ng makabuluhang datos. Ang pamamaraang ito ay makatutulong hindi lamang sa pagpapalalim ng pagsusuri kundi pati na rin sa pagpapanatili ng pagiging balido at maaasahan ng mga nakalap na impormasyon.

Instrumento ng Pag-aaral – Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isang talatanungan na idinisenyo upang masukat ang persepsyon at antas ng pagtanggap ng mga nagpapakadalubhasa sa Araling Panlipunan sa Filipino bilang wikang panturo. Ang ganitong uri ng instrumento ay pinili sapagkat ito ay nagbigay ng sistematikong paraan ng pagkuha ng datos, habang pinapananatili ang kakayahang makuha ang iba't ibang pananaw ng mga kalahok. Ang mga tanong ay ginawa nang maingat upang masaklaw ang dalawang dimensyon: una, ang saloobin at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa Filipino; ikalawa, ang antas ng kanilang pagtanggap sa Filipino bilang midyum ng pagkatuto.

Ginamit sa talatanungan ang *Likert Scale* upang malaman ang antas ng pagsang-ayon at dalas ng paggawa ng mga kalahok sa mga nakapaloob na aytem na nagpapahiwatig ng persepsyon at pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo. Ang Likert Scale ay isang sistema ng pagtatasa na madalas gamitin sa mga talatanungan upang masukat ang saloobin, pananaw, at persepsyon ng mga respondente. Sa ganitong pamamaraan, ang mga kalahok ay pipili ng tugon mula sa hanay ng mga opsyon na nakahanda para sa isang tiyak na tanong o pahayag (León-Mantero et al., 2020). Karaniwang nakapaloob sa mga opsyong ito ang antas ng kasunduan gaya ng Lubos na Sumasang-ayon, Sumasang-ayon, Walang Pananaw, Hindi Sumasang-ayon, at Lubos na Hindi Sumasang-ayon. Sa pamamagitan ng ganitong sistema, nagiging mas madali para sa mga mananaliksik na iproseso at suriin ang mga sagot, at makabuo ng mas malinaw na larawan ng pananaw ng mga kalahok hinggil sa paksa ng pananaliksik.

Bago isagawa ang aktuwal na pamamahagi ng kwestyuner, ito ay dumaan sa masusing rebisyon at pagpapatunay ng nilalaman sa tulong ng tagapayo ng kapwa guro sa nasabing paaralan. Layunin ng prosesong ito

na matiyak ang kalinawan, kaangkupan, at pagkakatatugma ng bawat tanong sa mga layunin ng pag-aaral, gayundin sa kakayahang ng mga kalahok na makauunawa at makasasagot nang wasto. Sa pamamagitan ng ganitong hakbang, ang mga tanong ay nakapagbigay ng datos na totoo, makabuluhan, at kapaki-pakinabang sa pagsusuri ng ugnayan ng persepsyon at pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo.

Pangangalap ng Datos – Ang unang hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik ay ang pagkuha ng sertipikasyon mula sa Komite sa Etika ng Pananaliksik ng Leyte Normal University bilang pahintulot para sa kanilang pag-aaral. Kasunod nito, sila ay humingi ng pirma sa liham-pahintulot mula sa dekanong Kolehiyo ng Edukasyon sa Guiuan Campus ng Eastern Samar State University upang maisagawa nang pormal ang pananaliksik. Ang pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pamamahagi ng kwestiyoner sa mga piling kalahok. Ang bawat pagsasagawa ay inayos sa isang ligtas at maginhawang lugar sa loob ng paaralan upang matiyak ang kaginhawaan at kaligtasan ng mga mag-aaral, gayundin ang pagiging pribado ng kanilang mga sagot. Bago simulan ang aktuwal na pangangalap, ang mga mananaliksik ay nagpaliwanag sa mga kalahok hinggil sa layunin ng pag-aaral, sa kanilang mga karapatan bilang kalahok, at sa mga prinsipyong etikal na susundin, kabilang ang boluntaryong pakikilahok at ang karapatang umatras anumang oras nang walang kaparusahan o implikasyon.

Ang lahat ng mga sagot mula sa kwestiyoner ay maingat na itinala, inayos, at ipinroseso upang magsilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ng datos. Ang sistematikong pag-aayos at dokumentasyon ng mga tugon ay nagpalakas ng pagiging tumpak at balido ng impormasyong makakalap. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito nakatulong hindi lamang sa pagkuha ng detalyado at makabuluhang datos, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga pananaw, karanasan, at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Filipino sa kanilang pang-araw-araw na sitwasyon sa loob at labas ng silid-aralan.

Pagsusuri ng Datos – Ang nakalap na datos mula sa mga kalahok ay sinuri gamit ang mga pamamaraang estadistikal tulad ng dalas ng paglitaw, bahagdan, mean, at korelasyon upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng persepsyon at pagtanggap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang wikang panturo. Ang mga resulta ay ipinakita sa anyo ng talahanayan at grap upang maging mas malinaw ang interpretasyon ng datos. Bukod sa estadistikal na pagsusuri, ang mga sagot ng mga kalahok ay binigyang-kahulugan batay sa konteksto ng kanilang karanasan at pananaw. Sa pamamagitan nito, ang pag-aaral ay nakapagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng Filipino sa larangan ng Araling Panlipunan. Ang sistematikong pagsusuri ng datos nagbigay-daan sa mas tumpak na konklusyon at nagsilbing batayan sa pagbibigay ng rekomendasyon para sa pagpapalakas ng Filipino bilang wikang panturo.

Etika ng Pananaliksik – Upang matiyak ang mataas na pamantayang etikal sa pananaliksik, ang mga mananaliksik ay tiniyak ang mahigpit na pagsunod sa mga prinsipyo ng boluntaryong pakikilahok, pagiging kumpidensiyal, at paggalang sa mga karapatan ng mga kalahok. Bilang bahagi ng prosesong ito, ang mga mananaliksik ay gumawa ng mga liham-pahintulot na ipapadala sa iba't ibang awtoridad, kabilang ang Pangdibisyon Tagapamahala, Pangdistritong Tagamasid, mga punong-guro ng kinaukulang paaralan, at mga gurong-tagapayo. Ang hakbang na ito nilayong matiyak ang opisyal na pag-apruba at suporta ng mga paaralan at ng lokal na pamahalaang pang-edukasyon bago simulan ang aktuwal na pangangalap ng datos.

Ang malinaw na pagtalakay sa karapatan ng mga kalahok, kabilang ang boluntaryong pakikilahok at ang karapatang umatras sa anumang yugto ng pananaliksik, nagbigay-diin sa respeto sa kanilang indibidwal na desisyon at seguridad. Bilang pormal na patunay ng kanilang pagsang-ayon, ang bawat kalahok ay sumang-ayon sa isang liham-pahintulot bago isagawa ang pangangalap ng datos. Ang hakbang na ito ay nagsilbing garantiya na ang pakikilahok ng mga mag-aaral ay magiging kusang-loob at batay sa sapat na kaalaman tungkol sa layunin at proseso ng pag-aaral. Samakatuwid, ang lahat ng datos at impormasyong makakalap ng mga mananaliksik mula sa mga kalahok ay pananatiliing kumpidensiyal alinsunod sa Batas Republika Blg. 10173 o Batas sa Pagpribado ng Datos ng 2012. Ang batas na ito ay nagtatakda ng mahigpit na pamantayan upang mapangalagaan ang personal na impormasyon at pribadong datos ng mga indibidwal, kaya't titiyakin ng mga mananaliksik na ang anumang

ibabahaging sagot o detalye ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko at hindi malalantad sa labas ng konteksto ng pananaliksik. Sa kabuuan, ang maingat na pagpapatupad ng mga hakbang na ito makatutulong hindi lamang sa pagsunod sa pamantayang etikal, kundi pati na rin sa pagbibigay ng kapanatagan sa mga kalahok na ang kanilang mga opinyon, saloobin, at danas ay magiging ligtas, balido, at makabuluhang bahagi ng pananaliksik.

4. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito, inilalahad ang mga natuklasan mula sa talahanayan ng *mean, standard deviation*, at interpretasyon ng bawat baryabol na sumasaklaw sa persepsyon at pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo sa Araling Panlipunan. Ang mga resulta ay nagbibigay ng malinaw na larawan kung paano nakaaapekto ang paggamit ng Filipino sa iba't ibang dimensyon ng pagkatuto—mula sa kognitibo, apektibo, pedagogikal, hanggang sa sosyokultural. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa pinakamataas at pinakamababang mean ng bawat pahayag, natutukoy ang mga aspeto kung saan higit na nakikilala ang kahalagahan ng Filipino, gayundin ang mga bahaging nangangailangan pa ng mas malalim na pagtalakay. Ang interpretasyon ng mga datos ay nagsisilbing batayan upang maipaliwanag ang ugnayan ng wika sa pagkatuto, at upang maipakita ang makabuluhang papel ng Filipino sa pagbibigay ng mas malinaw, mas makabuluhan, at mas inklusibong karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ng Araling Panlipunan.

4.1 Persepsyon ng mga nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino

Talahanayan 1

Persepsyon ng mga mag-aaral

Tagapagpahiwatig	Mean	SD	Interpretasyon
Pakikinig			
Mas nakatutok ako sa aralin kapag Filipino ang ginagamit sa pagtuturo.	4.86	0.74	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pakikinig ay nakapagpapalalim ng aking interes sa Araling Panlipunan.	4.86	0.56	Lubos na Nakikilala
Nauunawaan ko nang mas malinaw ang mga talakayan sa klase kapag ginagamit ang Filipino.	4.71	0.93	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pakikinig ay nakatutulong sa aking mas aktibong partisipasyon.	4.71	0.90	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging madali para sa akin ang pag-unawa sa mga konsepto ng Araling Panlipunan kapag ito ay ipinaliwanag sa Filipino.	4.71	1.08	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pakikinig ay nakapagpapalalim ng aking pag-unawa sa mga lokal na isyu.	4.71	1.01	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging malinaw ang mga talakayan kapag ang guro ay gumagamit ng Filipino sa pagpapaliwanag.	4.71	0.96	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging komportable ako sa pakikinig ng lektura kapag Filipino ang ginagamit na wika.	4.57	1.17	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pakikinig ay nakatutulong sa mas mabilis kong pag-unawa sa mahihirap na konsepto.	4.57	0.99	Lubos na Nakikilala
Ang pakikinig sa Filipino ay nakapagpapalawak ng aking pananaw sa mga lokal na isyu.	4.57	0.97	Lubos na Nakikilala
Average Weighted Mean	4.70	0.34	Lubos na Nakikilala
Pagsasalita			
Mas nagiging epektibo ang pakikipag-ugnayan sa guro at kamag-aral kapag Filipino ang ginagamit sa pagsasalita.	4.96	0.41	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino ay nakapagpapalakas ng aking kakayahan sa pagbibigay ng opinyon.	4.86	0.70	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pagsasalita ay nakapagpapalakas ng aking kumpiyansa sa klase.	4.77	0.87	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pagbabasa ay nakapagpapalawak ng aking kaalaman sa lipunan at kultura.	4.77	0.88	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging masigla ang aking interes sa pagbabasa kapag Filipino ang gamit na wika.	4.74	0.96	Lubos na Nakikilala
Ang pagbabasa ng mga materyales sa Filipino ay nakatutulong sa mas madaling pag-unawa sa mga aralin.	4.72	0.95	Lubos na Nakikilala
Mas naipapahayag ko nang maayos ang aking ideya kapag Filipino ang gamit na wika.	4.72	0.90	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino ay nakatutulong sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng aking pananaw.	4.63	1.02	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging epektibo ang talakayan sa Araling Panlipunan kapag Filipino ang ginagamit sa pagsasalita.	4.62	1.01	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging bukas ang interaksyon sa klase kapag Filipino ang ginagamit sa pagsasalita.	4.61	1.06	Lubos na Nakikilala
Average Weighted Mean	4.74	0.38	Lubos na Nakikilala

Pagbabasa			
Ang pagbabasa sa Filipino ay nakatutulong sa mas mahusay na pagbuo ng aking sariling pananaw.	4.98	0.30	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging malinaw ang mga ideya sa babasahin kapag nakasulat sa Filipino.	4.87	0.67	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pagbabasa ay nakapagpapalawak ng aking kaalaman sa lipunan at kultura.	4.78	0.83	Lubos na Nakikilala
Mas madali kong nauunawaan ang mga babasahin sa Araling Panlipunan kapag nakasulat sa Filipino.	4.75	0.86	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging masigla ang aking interes sa pagbabasa kapag Filipino ang gamit na wika.	4.75	0.96	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pagbabasa ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa mga teksto.	4.73	0.93	Lubos na Nakikilala
Ang pagbabasa ng mga materyales sa Filipino ay nakatutulong sa mas madaling pag-unawa sa mga aralin.	4.71	0.97	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging kawili-wili ang mga babasahin kapag nakasulat sa Filipino.	4.65	0.98	Lubos na Nakikilala
Ang pagbabasa ng mga materyales sa Filipino ay nakapagpapalawak ng aking kaalaman sa kultura at kasaysayan.	4.61	1.05	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging malinaw ang mga konsepto kapag nakasulat sa Filipino ang mga babasahin.	4.59	1.09	Lubos na Nakikilala
Average Weighted Mean	4.74	0.46	Lubos na Nakikilala
Pagsusulat			
Mas nagiging makabuluhan ang aking mga sulatin dahil mas naipapahayag ko ang aking tunay na pananaw sa Filipino.	4.89	0.66	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging madali para sa akin ang pagsulat ng mga ulat at sanaysay sa Filipino.	4.84	0.76	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pagsusulat ay nakapagpapalakas ng aking kakayahan sa kritikal na pag-iisip.	4.82	0.82	Lubos na Nakikilala
Ang paggamit ng Filipino sa pagsusulat ay nakatutulong sa mas malinaw na paglalahad ng aking pananaw.	4.80	0.80	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging organisado ang aking mga sulatin kapag Filipino ang ginagamit na wika.	4.76	0.85	Lubos na Nakikilala
Mas naipapahayag ko nang maayos ang aking ideya sa pagsusulat kapag Filipino ang gamit na wika.	4.75	0.87	Lubos na Nakikilala
Ang pagsusulat sa Filipino ay nakapagpapalalim ng aking pag-unawa sa mga paksa ng Araling Panlipunan.	4.70	0.96	Lubos na Nakikilala
Ang pagsusulat sa Filipino ay nakatutulong sa mas malinaw na paglalahad ng aking mga argumento.	4.69	1.02	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging madali para sa akin ang paggawa ng mga sanaysay at ulat kapag Filipino ang ginagamit.	4.62	1.01	Lubos na Nakikilala
Mas nagiging makabuluhan ang aking mga sulatin kapag Filipino ang ginagamit na wika.	4.59	1.02	Lubos na Nakikilala
Average Weighted Mean	4.74	0.25	Lubos na Nakikilala
Overall Weighted Mean	4.73	0.12	Lubos na Nakikilala

Gabay: 4.21 - 5.00 – Lubos na Nakikilala (LN); 3.41 - 4.20 – Nakikilala (N); 2.61 - 3.40 – Katamtamang Nakikilala (KN); 1.81 - 2.60 – Bahagyang Nakikilala (BN); at 1.00 - 1.80 – Hindi Nakikilala (HN)

Kabuuang Persepsyon ng mga Nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino – Ang kabuuang persepsyon ng mga nagpapakadalubhasa ng Araling Panlipunan sa Filipino ay mayroon *mean* na 4.73, at *standard deviation* na 0.12, na nangangahulugang Lubos na Nakikilala. Ibig sabihin nito ay masidhi ang pagkilala sa wikang Filipino bilang integral na kasangkapan ng pagkatuto ng mga kolehiyong mag-aaral ng Araling Panlipunan. Sinuri ang persepsyon na ito sa tulong ng mga tagapaghiwatig o pahayag na hinango mula sa mga danas na may kaugnayan sa apat na makrong kasanayan sa pagkatuto. Nakakuha ng magkakaparehong *mean* ang pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat, habang ang pakikinig ang nagkaroon ng pinakamababang *mean* sa apat.

Pakikinig – Sa bahaging pakikinig, lumabas na ang kabuuang *average weighted mean* ay 4.70 na may *standard deviation* na 0.34, na may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinapakita nito na ang mga kalahok ay may mataas na antas ng pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo sa dimensyon ng pakikinig. Pinakamataas ang *mean* na 4.86 sa dalawang pahayag: “Mas nakatutok ako sa aralin kapag Filipino ang ginagamit sa pagtuturo” (SD = 0.74) at “Ang paggamit ng Filipino sa pakikinig ay nakapagpapalalim ng aking interes sa Araling Panlipunan” (SD = 0.56), na parehong may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ibig sabihin, ang paggamit ng Filipino ay nakapagpapalakas ng konsentrasyon at interes ng mga mag-aaral sa paksa, na nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa pagpapanatili ng atensyon at motibasyon. Samantala, ang pinakamababang *mean* na 4.57 ay makikita sa tatlong pahayag: “Mas nagiging komportable ako sa pakikinig ng lektura kapag Filipino ang ginagamit na wika” (SD = 1.17), “Ang paggamit ng Filipino sa pakikinig ay nakatutulong sa mas mabilis kong pag-unawa sa mahihirap na konsepto” (SD = 0.99), at “Ang pakikinig sa Filipino ay nakapagpapalawak ng aking pananaw sa mga lokal na isyu” (SD = 0.97), na lahat ay may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Bagama’t bahagyang mas mababa ang *mean* ng mga ito, nananatiling mataas ang pagtanggap ng mga kalahok, na nagpapahiwatig na ang Filipino ay nakatutulong hindi lamang sa pag-unawa ng aralin kundi pati sa pagpapalawak ng pananaw at pagbibigay ng

ginhawa sa pakikinig. Sa kabuuan, malinaw na ang Filipino bilang wikang panturo ay nakapagpapalakas ng konsentrasyon, interes, at komprehensyon ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng kaparehong pag-aaral nina Agon at Dardo (2025) kung saan ipinakita na ang kasanayan sa pakikinig ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ito ay mahalagang aspekto ng komunikasyon at interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Natuklasan na mas malinaw na nauunawaan ang mga konsepto at ideya kapag ang mga mag-aaral ay nakikinig nang maigi, at mas madaling napoproseso ang kaalaman sa tulong ng malikhaing estratehiya ng guro. Dagdag pa rito, binigyang-diin na ang kontekstwalisasyon at paggamit ng makabagong teknolohiya ay nakapagpapasigla ng partisipasyon ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng kahalagahan ng pakikinig sa mas aktibong paglahok sa klase.

Pagsasalita - Sa bahaging pagsasalita, lumabas na ang kabuuang *average weighted mean* ay 4.74 na may *standard deviation* na 0.38, na may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinapakita nito na mataas ang antas ng pagtanggap ng mga kalahok sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa dimensyon ng pagsasalita. Pinakamataas ang mean na 4.96 sa pahayag na “Mas nagiging epektibo ang pakikipag-ugnayan sa guro at kamag-aaral kapag Filipino ang ginagamit sa pagsasalita” ($SD = 0.41$), na nagpapahiwatig na ang Filipino ay nakapagpapalakas ng interaksyon at komunikasyon sa loob ng klase. Kasunod nito, mataas din ang mean na 4.86 sa pahayag na “Ang paggamit ng Filipino ay nakapagpapalakas ng aking kakayahan sa pagbibigay ng opinyon” ($SD = 0.70$), na nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa pagbibigay ng kumpiyansa sa pagpapahayag ng sariling pananaw. Samantala, ang pinakamababang mean na 4.61 ay makikita sa pahayag na “Mas nagiging bukas ang interaksyon sa klase kapag Filipino ang ginagamit sa pagsasalita” ($SD = 1.06$), na bagama’t bahagyang mas mababa, nananatiling may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinahihiwatig nito na ang Filipino ay nakatutulong sa pagbubukas ng talakayan at interaksyon, ngunit maaaring may ilang pagkakataon na ang dinamika ng klase ay nakadepende rin sa iba pang salik gaya ng personalidad ng guro o aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, malinaw na ang Filipino bilang wikang panturo ay nakapagpapalakas ng komunikasyon, kumpiyansa, at pagbibigay-opinyon ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan.

Sa ibang pag-aaral na isinagawa nina Alicos at Cutamora (2025), natuklasan na mataas ang antas ng paggamit ng wikang balbal ng mga mag-aaral at may makabuluhang ugnayan ito sa kanilang katatagan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ipinakita ng kanilang resulta na bagama’t may mga hamon sa pakikipagtalastasan sa konteksto ng akademiko at sosyal, nakatutulong pa rin ang paggamit ng balbal sa pagpapadali ng komunikasyon at pagbibigay ng opinyon. Gayunpaman, binigyang-diin din na may negatibong epekto ang labis na paggamit ng balbal sa pormal na pakikipagtalastasan. Ang ganitong resulta ay nagpapakita na mahalaga ang balanse sa paggamit ng Filipino sa pagsasalita upang mapanatili ang kumpiyansa at katatagan ng mga mag-aaral sa akademikong konteksto.

Binaggit naman ni Sialongo (2025) na napakataas ang antas ng kakayahan sa sarili ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, partikular sa kasanayan sa pagbasa, pagsusulat, pagsasalita, at pakikinig. Gamit ang ibang metodolohiya, ipinakita sa kwalitatibong pagsusuri na ang kumpiyansa at wastong paggamit ng wika ay susi sa epektibong komunikasyon, edukasyon, at pakikipag-ugnayan. Dagdag pa rito, lumitaw ang mga temang nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura at pagpapabuti ng kasanayan sa wika, na nagpapahiwatig na ang Filipino ay hindi lamang kasangkapan sa akademikong pagkatuto kundi mahalagang salik din sa paghubog ng pambansang identidad. Ang pagkakatatag ng mga natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ay nagpapakita ng konsistensiya sa benepisyo ng mataas na kakayahan sa sarili sa paggamit ng Filipino, na kaayon ng mga resulta hinggil sa pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo.

Pagbabasa - Sa bahaging pagbabasa, lumabas na ang kabuuang *average weighted mean* ay 4.74 na may *standard deviation* na 0.46, na may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinapakita nito na mataas ang antas ng pagtanggap ng mga kalahok sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa dimensyon ng pagbabasa. Pinakamataas ang mean na 4.98 sa pahayag na “Ang pagbabasa sa Filipino ay nakatutulong sa mas mahusay na pagbuo ng aking sariling pananaw” ($SD = 0.30$), na nagpapahiwatig na ang Filipino ay nakapagpapalakas ng

kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng kritikal at sariling pagtingin sa mga paksa. Kasunod nito, mataas din ang mean na 4.87 sa pahayag na “Mas nagiging malinaw ang mga ideya sa babasahin kapag nakasulat sa Filipino” ($SD = 0.67$), na nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa pagpapalinaw ng mga konsepto at ideya. Samantala, ang pinakamababang mean na 4.59 ay makikita sa pahayag na “Mas nagiging malinaw ang mga konsepto kapag nakasulat sa Filipino ang mga babasahin” ($SD = 1.09$), na bagama’t bahagyang mas mababa, nananatiling may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinahihiwatig nito na ang Filipino ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng mga konsepto, ngunit maaaring may ilang pagkakataon na ang lalim ng teksto o konteksto ay nakaaapekto sa antas ng pag-unawa. Sa kabuuan, malinaw na ang Filipino bilang wikang panturo ay nakapagpapalakas ng kritikal na pag-iisip, nagpapalinaw ng ideya, at nakapagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa lipunan, kultura, at kasaysayan.

Ayon kay Batara (2023), mahalaga ang oras at gabay ng mga magulang at guro sa paglinang ng kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Natuklasan na ang prayoridad sa mga gawain sa bahay, tulad ng paggamit ng cellphone o kakulangan ng nakatatandang kasama sa pagbabasa, ay may direktang epekto sa kasanayan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin na ang palagian at sistematikong pagsasanay sa pagbabasa, maging sa loob ng silid-aralan o sa bahay, ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan at pagganyak ng mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang pag-unlad. Ang ganitong natuklasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng suporta mula sa kapaligiran ng mag-aaral upang higit na mapalakas ang kanilang kasanayan sa pagbabasa, na kaayon ng mga resulta hinggil sa pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo.

Samantala, pinatunayan naman nina Villacorta et al. (2025) na may suliranin sa antas ng pag-unawa at bokabularyo ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Gayunpaman, sa pamamagitan ng isinagawang interbensyon, nagkaroon ng pagbabago sa kanilang komprehensyon at bokabularyo, na nagpapakita ng epektibong epekto ng mga estratehiya sa pagbasa. Bukod dito, natuklasan na may mababang positibong ugnayan sa pagitan ng komprehensyon at bokabularyo, subalit hindi ito makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na bagama’t may bahagyang pagtaas sa pag-unawa habang tumataas ang bokabularyo, hindi sapat ang lakas ng relasyon upang masabing may matibay na koneksiyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang ganitong resulta ay nagpapakita na ang pag-unlad sa pagbasa at bokabularyo ay maaaring maapektuhan ng iba pang salik, gaya ng estratehiya ng guro, motibasyon ng mag-aaral, at konteksto ng pagkatuto.

Pagsusulat - Sa bahaging pagsusulat, lumabas na ang kabuuang *average weighted mean* ay 4.74 na may *standard deviation* na 0.25, na may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinapakita nito na mataas ang antas ng pagtanggap ng mga kalahok sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa dimensyon ng pagsusulat. Pinakamataas ang mean na 4.89 sa pahayag na “Mas nagiging makabuluhan ang aking mga sulatin dahil mas naipapahayag ko ang aking tunay na pananaw sa Filipino” ($SD = 0.66$), na nagpapahiwatig na ang Filipino ay nakapagpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang sariling saloobin at mas nagiging makahulugan ang kanilang mga sulatin. Kasunod nito, mataas din ang mean na 4.84 sa pahayag na “Mas nagiging madali para sa akin ang pagsulat ng mga ulat at sanaysay sa Filipino” ($SD = 0.76$), na nagpapakita ng kahalagahan ng wika sa pagpapadali ng gawaing akademiko. Samantala, ang pinakamababang mean na 4.59 ay makikita sa pahayag na “Mas nagiging makabuluhan ang aking mga sulatin kapag Filipino ang ginagamit na wika” ($SD = 1.02$), na bagama’t bahagyang mas mababa, nananatiling may interpretasyong Lubos na Nakikilala. Ipinahihiwatig nito na ang Filipino ay nakatutulong sa pagbibigay-kabuluhan sa mga sulatin, ngunit maaaring may ilang pagkakataon na ang antas ng kahalagahan ay nakadepende rin sa paksa o sa estilo ng pagsusulat ng mag-aaral. Sa kabuuan, malinaw na ang Filipino bilang wikang panturo ay nakapagpapalakas ng kritikal na pag-iisip, nagpapadali ng pagsulat ng mga akademikong gawain, at nakapagbibigay ng mas makabuluhang pagpapahayag ng pananaw ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan.

Natuklasan ni Mondares (2024) na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Sa isinagawang deskriptib-korelesyon na disenyo, lumabas na mababa ang *mean rating* ng mga mag-aaral sa parehong gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat, na nagpapahiwatig ng kahinaan sa dalawang aspekto. Gayunpaman, ipinakita rin na ang mga domeyn ng pagsasaling-

wika gaya ng pagtukoy ng kahulugan, pagpapahalaga sa kultura, pagpili ng mga salita, at pagtutumbas ng mga idyoma ay may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang ganitong natuklasan ay nagpapakita na ang pagsasanay sa pagsasaling-wika ay mahalagang salik sa pagpapabuti ng akademikong pagsulat, at nagbibigay-diin sa kahalagahan ng Filipino bilang wikang panturo na nakatutulong sa paghubog ng mas mataas na antas ng kasanayan sa komunikasyon at akademikong produksyon.

Nakita naman nina Aragon at Balallo (2023) na mababa ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino at nangangailangan pa ng higit na pagpapabuti. Batay sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw na nahaharap ang mga mag-aaral sa iba't ibang hamon sa pagsulat, kabilang ang kakulangan ng kaalaman sa paksa, kawalan ng sapat na paghahanda sa pag-iisip, kakulangan sa kaalaman sa gramatika, at hindi wastong paggamit ng bokabularyo. Ang ganitong resulta ay nagpapakita ng kahalagahan ng masusing pagsasanay at gabay sa pagsulat upang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong konteksto, at nagbibigay-diin sa papel ng Filipino bilang wikang panturo na nakatutulong sa paghubog ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat

4.2 Antas ng pagtanggap sa Filipino bilang wikang panturo sa Araling Panlipunan

Talahanayan 2

Pagtanggap sa Filipino Bilang Wikang Panturo sa Araling Panlipunan

Tagapagpahiwatig	Mean	SD	Interpretasyon
Kognitibo			
Mas nagiging malinaw ang mga konsepto kapag ipinaliwanag sa Filipino.	4.80	0.80	Lubos na Tinatanggap
Ang Filipino ay nakapagpapalawak ng aking kaalaman sa kasaysayan at kultura.	4.73	0.93	Lubos na Tinatanggap
Mas nagiging madali para sa akin ang pagproseso ng impormasyon kapag Filipino ang ginagamit.	4.72	0.90	Lubos na Tinatanggap
Mas malinaw kong nauunawaan ang mga konsepto ng Araling Panlipunan kapag Filipino ang gamit na wika.	4.71	1.02	Lubos na Tinatanggap
Mas nagiging epektibo ang aking pagkatuto kapag Filipino ang gamit sa pagtuturo.	4.67	1.00	Lubos na Tinatanggap
Ang paggamit ng Filipino ay nakatutulong sa mas mahusay kong pag-alala ng mga aralin.	4.67	0.96	Lubos na Tinatanggap
Ang paggamit ng Filipino ay nakatutulong sa mas mahusay kong pagbuo ng sariling pananaw.	4.60	1.56	Lubos na Tinatanggap
Ang Filipino ay nakapagpapalalim ng aking pag-unawa sa mga lokal na isyu.	4.55	1.03	Lubos na Tinatanggap
Ang paggamit ng Filipino ay nakatutulong sa mas mabilis kong pag-unawa sa mga lektura.	4.46	1.48	Lubos na Tinatanggap
Mas nagiging organisado ang aking pag-iisip kapag Filipino ang ginagamit sa klase.	4.42	1.61	Lubos na Tinatanggap
Average Weighted Mean	4.63	0.60	Lubos na Tinatanggap
Apektibo			
Ang Filipino ay nakatutulong sa mas positibong karanasan sa pagkatuto.	4.80	0.93	Lubos na Tinatanggap
